


It's Him

Watty Babes 6th Place First and Second Round

Story written by: *Ejei Meyou*

Link to the story: NOT AVAILABLE



November 18, 2013

“Nasaan ka na ba?”

“Papunta pa lang,” kulang na lang ay ngatngatin ni Phenelope ang mga kuko niya. “Malapit na ako sa istasyon ng bus.”

“What?” alam niyang nanlalaki na ang mga mata ni Kira na kausap niya sa cellphone. “Bakla! Umuwi ka na muna at magpaalam sa mommy mo!”

“No. Baka kapag mahuli ako ng kahit isang minuto ay mawala na naman siya. Hindi ko na pakakawalan ang natatanging pagkakataon na magkita kami ulit, Kira.”

December 15, 2011...

“Ano’ng group mo ngayon?” tanong ni Phenelope kay Kira. Tour guides sila ngunit hindi gaya ng pangkaraniwang *tour guide*, sumasama sila hanggang sa hotel ng mga grupong tino-tour nila. Apat na araw at tatlong gabi ang itatagal ng tour na nakatoka sa kanya ngayon.

“Group C. Mabibingi na naman ako sa tilian,” pinaikot nito ang mga mata. Naiintindihan niya ang sentimyento nito. Kadalasan ay mga teenagers ang mahirap hawakan. “Ikaw?”

May klasipikasyon ang mga tino-tour nila na tanging ang ahensiya lamang nila ang gumagawa: ang Group A ay grupo ng mga Senior Citizens o `di kaya nama’y mga businessman, ang Group B naman ay mga edad beinte hanggang treinta y cinco, magkahalong babae at lalake, ang Group C ay binubuo naman ng mga estudyante o `di kaya’y mga teenagers, at ang Group D naman ay ang mga taong walang kahuhulugan sa tatlong naunang grupo.

“Group B,” pinagmayabang niya ang card na hawak niya. “Mauna na ako. Nasa Aurora park na yata si Marco,” tukoy niya sa driver ng bus na sasakyan nila. Hinila na niya ang trolley bag niya na naglalaman ng mga gamit niya.

Magda-dalawang taon na rin siyang tour guide. Iyon ang unang trabaho niya pagkatapos niyang gumadute ng college sa kursong Tourism.

Ilang metro lamang ang layo ng Aurora Park. Sa parkeng iyon maga-assemble ang mga turista. Nang malapit na siya ay nakita niya si Marco na nakikipag-usap sa dalawang babae, hula niya ay turista rin ang mga ito. Mukhang madadagdagan na naman ang anak nito sa labas. Ilan na bang mga babaeng turista ang pumupunta sa ahensiya nila para lang magreklamong buntis at ito ang ama? Bumibilib naman sa kanya ang mga katrabaho nila dahil bakit daw ang mga turista ay kayang digahan ni Marco habang siya ay hindi? Tinatawanan na lang niya iyon. Hindi talaga umeepekto ang karisma sa kanya ni Marco. Para na niya itong nakatatandang kapatid... bukod doon ay may mas malalim pa siyang dahilan.

Kumindat siya rito at inginuso ang mga babae. Binigyan lang naman siya nito ng makahulugang ngiti. Awtomatiko ang naging ngiti niya nang lumingon sa kanya ang mga babae.

“Hi,” kumaway pa siya ng bahagya. Kinuha naman ni Marco ang trolley niya at iniakyat sa bus. “I’m Phenelope, the tour guide” iniabot niya ang palad sa mga ito.

“I’m Lie Ann and this is Marjorie,” pakilala ng mga ito sa kanya.

“Nice to meet you.” Hindi naman pala suplada ang mga ito. “Tatawagin ko lang ang iba.” Gaya ng nakagawian ay pumalampak lang siya ng dalawang beses at eksaheradong tumikhim. Maliit lang naman ang parke at sigurado siyang maririnig siya ng mga ito. Nakuha naman agad ng mga turista ang gusto niyang iparating kaya lumapit ang mga ito sa kanya. Malaki ang paniniwala niyang karamihan sa mga ito ay galing sa ibang bansa.

“Miss, picture!”

Hindi pa niya nahahanap kung saan nanggagaling ang tinig ay bigla na lamang may kumislap, sigurado siyang galing iyon sa isang camera. Nangunot ang noo niya. Nakita niya ang isang may katangkarang lalake. Hula niya ay 5’10 ito. Nakatingin ito sa screen ng camera nito at mukhang tuwang-tuwa sa nakuhanang larawan. “Excuse me?” Nagsalubong ang kanilang mga mata at parang may kung ano’ng nagising sa loob niya.

“Thanks for the picture, Miss, uh, what’s your name?” ngumiti ito. “Miss?”

Umawang ng bahagya ang labi niya. Ano nga ba ang tanong nito? “I’m sorry?” napalunok pa siya.

“Your name please,” nakangiti pa rin ito.

Huminga muna siya ng malalim bago sinimulan ang speech niyang by default, kasama na roon ang pangalan niya. Kabisado na niya iyon dahil paulit-ulit lang naman na niyang sinasabi sa tuwing magkakaroon siya ng grupong ito-tour. Sanay na siyang makitungo sa mga turista... pero sa pagkakataong iyon, parang may mababago sa kanya.

“Ganito ba talaga kapag nagto-tour ka?”

Alam niyang nanindig ang balahibo niya sa likod. Itinigil din niya ang paglalagay ng check mark sa listahan niya ng mga dapat at hindi dapat gawin ngayong may tour siyang hawak. Lumingon siya at tiningala ang lalaking tumabi sa kanya. Pinilit niya ang sariling ngumiti. “Yes,” nasa isang museo sila ngayon. Hinayaan na lamang niyang pumasok ang mga turistang hawak niya, may volunteer naman sa loob para magbigay ng impormasyon sa mga ito. “Hindi ka po ba papasok sa loob? Sayang iyong entrance fee.” Sa lahat ng miyembro sa grupong tino-tour niya ay ito lang ang palaging mag-isa.

Umupo ito sa tabi niya. “Clyde,” iniabot nito ang palad.

“Clyde,” mahinang ulit niya. Parang may kung anong kumiliti sa kanya nang bigkasin iyon.

“Ano iyan? Planner?” itinuro nito ang maliit na notebook niya. “Kuhanan ko ng picture, ha?” bago pa siya nakatugon ay na-click na nito ang camera. “*Things to do for the next four days,*” basa nito sa inilagay niyang title sa sinusulat niya. “You are boring.”

“A-Ano?”

“Boring people plan. You plan. You are boring.”

“Of course not! Mas organisado kapag nakasulat. Mas boring ang mga taong hindi nagpa-plano,” depensa niya. Ano’ng karapatan nitong sabihan na boring ang mga taong nagpa-plano?

“Let me see,” bago pa siya nakahuma ay nasa mga kamay na nito ang notebook niya. “Look, wala pang sixty percent ang nasusunod mo sa mga sinusulat mo since 2009. Ang tibay nitong notebook mo, ha? Ang tagal na pero hindi pa rin nauubos ang pahina. Sabagay, ang liliit nga naman ng sulat mo,” binalasa nito ang notebook niya na parang baraha.

“Huwag!” pigil niya rito pero huli na dahil nahulog na ang isang bagay na pinakaiingat-ingatan niya. Nilipad iyon ng hangin kaya naman sinundan niya iyon. Ngayon pa lang ay hindi na maganda ang pakiramdam niya rito, masyadong pakialamero. Naiipit sa malagong halaman iyong hinahabol niya. Pinulot niya iyon at pinunasan sa pamamagitan ng mga daliri niya. Sumilay ang malungkot na ngiti sa mga labi niya.

“Alam mo ba kung ano ang kauna-unahang sinulat mo rito sa notebook mo noong August 12, 2009? ‘Move on.’ Para saan naman iyon? Sa lahat ng nakasulat dito, iyon lang ang walang check mark.”

Lumingon siya kay Clyde na sumunod pala sa kanya. “Akin na `yan,” tinangka niyang kunin ang notebook niya rito.

Iniiwas nito iyon sa kanya, “patingin muna niyang hawak mo,” sa isang iglap ay nakuha na naman nito ang hawak niya. “Ah, siya pala. Move on, lagyan mo na ng check mark iyan,” tinignan nito ang likuran ng larawan. “*Carl Joshua*, nice name, huh?” pagkasabi niyon ay ibinalik nito ang larawan sa loob ng notebook niya at maayos iyong ibinalik sa kanya. Ngumiti pa ito bago siya iniwan.

Humigpit ang pagkakahawak niya sa notebook niya. Wala pang nakakakita ng larawan ni Joshua sa kanya, ang unang kasintahan niya at katangi-tanging lalaking minahal niya. At mas lalong wala pang nakakabasa ng mga sinusulat niya sa notebook niya. Bumalik siya sa kinauupuan kanina at pinasadahan ng tingin ang mga katagang ‘Move on’ sa unang pahina ng notebook. Wala pa nga iyong check mark. Kailan ba niya iyon lalagyan ng check mark? Sa pagkakaalala niya, hindi naman na niya naaalala pa si Joshua. Mahal pa ba niya ito?

Tinitigan niya ang larawan. Kumabog ang dibdib niya pero hindi na ganoon kalakas.

December 16, 2011...

Kanina pa siya nagsasalita sa harapan ng bus pero panay hikab lang ang nakukuha niyang tugon. Napuyat ang mga ito kagabi kasi hindi naman sila natulog sa apartment na tinuluyan nila kundi nagkuwentuhan sila. Madali lang niyang naikabisa ang mga pangalan at mukha ng mga ito. Nakausap na rin niya ang karamihan sa mga ito at tama nga ang hinala niyang nanggaling ang mga ito sa ibang bansa at nagbabakasyon lang.

“Saan niyo gustong pumunta ngayon?” nakangiting tanong niya.

“Sa lugar nina Joshua.”

Nagsalubong ang mga kilay niya sa narinig. Nanggagaling iyon sa pangatlong hanay ng upuan, sa upuan ni Clyde. “I’m sorry?”

“Sa lugar nina Joshua, taga-saan ba `yon?” ulit nito.

“Miss Phenelope, I want to pee.”

Laking pasasalamat niya ng isang bata ang umagaw ng atensyon niya. Hindi na niya pinansin si Clyde.

Tatlong lugar lang ang pinuntahan nila sa araw na iyon: Laoag City, Batac City, at Paoay. Napagod silang lahat sa kakalakad pero kita niya sa mukha ng mga ito na kuntento naman sa mga napuntahan. Bandang alas-tres ng hapon ay nagbi-biyahe na sila papuntang Pagudpud kung saan sila maglalagi ng dalawang gabi.

Pagkarating sa hotel doon ay inihatid niya sa kanya-kanyang kuwarto ang mga turista.

“Whew, done,” ipinunas niya sa mukha ang dalawang kamay at inayos ang buhok.

“You forgot I’m still here.”

“W-What?” hinayaan na lang niyang nakalugay ang buhok saka umikot para makita kung sino ang nasa likuran niya. “Wait, hindi ba’t may kuwarto ka na?” Nasa likuran niya si Clyde. “Wala,” he tsk’ed.

“Iyon na ang huling kuwarto at iyon ang kuwarto ko,” itinuro niya ang kuwartong malapit sa elevator. Tinignan niya ang listahan ng mga taong magsasama-sama sa isang kuwarto pero wala ang pangalan nito roon. “Baka nagkamali ang hotel,” nagtungo siya sa elevator, sumunod naman ito sa kanya. Kinausap nila ang receptionist ng hotel at inamin nitong nagkamali nga ang mga ito ng paglilista. Tinanong niya kung may available pang kuwarto pero fully-booked na raw ang hotel. Todo ang hingi ng tawad ng receptionist sa kanila.

“It’s okay, Miss, magsasama na lang kami sa isang kuwarto,” biglang sabi ni Clyde.

Gusto niyang mag-rally dahil doon pero sa huli ay ito rin ang nasunod.

“Ako na lang sa sofa, ikaw na sa kama,” pagkukusa niya nang makarating sila sa kuwarto.

“Ako sa sofa, ikaw sa kama.”

“Turista ka, customer ka kaya dapat ikaw ang makaranas ng luxury, hindi ako.”

“Phenelope.”

“Hmm?”

“Ex mo ba iyong Carl Joshua?”

“Lalabas lang ako.”

Ang pinakaayaw niya sa lahat ay ang pag-usapan ang nakaraan niya. Oo, ex niya si Joshua. Oo, ito ang humiwalay sa kanya. At oo, ang dahilan ng pakikipaghiwalay nito sa kanya ay wala raw siyang thrill, walang excitement, *boring*.

Lumabas siya ng hotel at nagtungo sa dagat. Sa harapan kasi ng hotel ay karagatan na. Naupo siya at nilaro ng mga paa niya ang buhangin. Madalas silang naglalakad ni Joshua noon sa buhanginan. Sa beach ding iyon sila nagkakilala ni Joshua... at doon din siya nito iniwan. Pero paulit-ulit pa rin siyang bumabalik doon, umaasang babalik si Joshua.

“Phenelope.”

Hindi niya nilingon ang tinig. May iniaabot itong panyo.

“I’m sorry,” naupo si Clyde sa tabi niya at sa gulat niya’y ito na mismo ang nagpunas ng luha niya.

“Ang mga babaeng gaya mo ay hindi dapat umiiyak.”

Hindi niya napansing umiiyak na pala siya. Ipinikit niya ang mga mata para pigilan sa pagtulo ang kanyang luha. Hinapit siya ni Clyde at ipinatong nito ang ulo niya sa balikat nito. Hindi siya umangal. Wala itong sinabi pero sa unang pagkakataon ay naramdaman niyang may kakampi siya, na may isang taong may pakialam sa buhay niya, na may nakakaintindi sakanya.

Mabilis na lumipas ang oras. Kanina pa pala sila nagkukuwentuhan ni Clyde. Pagkatapos ng usapang iyon ay gumaan ang pakiramdam niya. Hindi siya makapaniwala na sa dami ng taong kakilala niya ay kay Clyde pa niya nasabi ang lahat-lahat ng tungkol sa kanya.

December 17, 2011...

Last day na ng tour. Bukas ay maghihiwa-hiwalay na sila ng grupo niya. Sa apat na araw na nakalipas ay napalapit na rin siya sa mga ito. Lalo na kay Clyde.

Pagudpud, Burgos, Bangui, at Pasuquin lang ang tour nila ngayong araw. Sinusulit ng mga turista ang bawat minuto. Nadadamay pa nga siya sa pagngiti sa tuwing magki-click ang camera ng mga ito.

“Hey, let’s take a picture together.”

“Okay,” masayang sagot niya kay Clyde. Tinawag nito si Marco para kunan sila ng larawan.

“Say ‘cheese,’” nagbilang pa si Marco. Pagkatapos ng dalawang segundo ay nag-flash na ang hawak nitong camera.

“Thanks, man,” tinapik ni Clyde ang balikat ni Marco. Bago umalis ang huli ay nakita pa niyang kumindat ito sa kanya. Mukhang may napapansin na rin itong iba sa pagitan nila ni Clyde. Pero, teka, ano nga bang iba sa pagitan nila?

Kinagabihan ay nag-bon fire sila sa labas ng hotel. Pinalibutan nila ang apoy at nagsimula silang kumanta. Katabi niya sa Clyde at kinukuwentuhan na naman siya tungkol sa mga napuntahan na nitong lugar. Mag-isa lang ito palagi at maraming lugar na rin sa Pilipinas ang napuntahan nito. Wala siyang mahanap na salita na eksaktong magsasabi kung ano ang nararamdaman niya sa mga oras na iyon. Kahit nga yata ang pinakanakakabagot na topic na ang pag-usapan nila ay papatusin pa rin niya huwag lang itong tumigil sa

pagsasalita. May kung ano sa mga mata ni Clyde na parang nagsasabi sa kanya na hindi na siya muli pang mag-iisa.

Pumasok sila sa kanya-kanyang kuwarto bandang ala-una na ng madaling araw. Nagtatawanan pa nga sila ni Clyde.

“Good night,” nakangiting sabi nito at nahiga na sa kanang bahagi ng kama.

“Good night,” sagot niya at tumabi rito. Pareho silang pumayag na magkatabi na lamang sa kama, walang malisya. Ilang sandali lang ang lumipas at naramdaman niyang may brasong bumabalot sa kanya. Imbes na umangal ay mas inilapit pa niya ang katawan. Masaya siya. Iyon ang mahalaga.

December 18, 2011...

“Nakita mo ba si Clyde?” iyon ang agad na tanong niya pagkalabas ng hotel.

Tumango si Marco, “oo, mauuna na raw. Sumakay sa first trip ng bus papuntang Laoag. Hindi ba nagpaalam sa iyo?”

Pakiramdam niya ay biglang nawala ang kaligayahan niya.

Lulugu-lugong bumalik siya sa kuwarto. Kinuha niya ang listahan ng mga turistang hawak niya: *Clyde Marcello*. Iyon lang ang tanging alam niya rito. Edad, address, cellphone number, civil status---wala siyang alam sa mga iyon. Pangalan lang ang alam niya. Nalipat ang tingin niya sa bag niya. Nakabukas ang zipper niyon. Lumapit siya doon at naghalungkat. May nawawala... isang bagay na mahalaga sa kanya.

Umalis si Clyde tangay ang notebook niya at ang larawan ni Joshua.

Present...

“Kuya, paalis na po ba iyong bus papuntang La Union?” tanong niya sa konduktor ng isang bus.

“Iyon, hindi pa yata puno.”

Nagpasalamat siya rito bago ito tinalikuran. Hindi pa nga puno ang bus pero kaunti na lang at aalis na iyon. Umupo siya sa ikalimang hanay, katabi ang isang matandang babae na may kanlong na bata.

Kanina lang ay may natanggap siyang e-mail, hindi niya alam kung kanino galing iyon. Larawan iyon ni Clyde sa Poro Point, isang tourist spot sa La Union.

Nag-ring ang cellphone niya. Wala sana siyang balak sagutin iyon pero tinignan siya ng mag-lolang katabi niya.

“Hoy, Phenelope! Bumaba ka ng bus!”

“Papaalis na ang bus, Kira, please, hayaan mo na lang ako,” napabuntong-hininga siya. Papaalis na talaga ang bus kasi puno na. May mga nakaupo na nga sa center seat.

“Tumingin ka sa labas ng bintana, dali!”

Kunot-noong sumunod naman siya. Nagulat siya nang makita si Kira na kumakaway... at sa tabi nito ay si Clyde na tangkang hahabulin ang bus na sinasakyan niya!

“Bumaba ka na!” muling sigaw nito sa kabilang linya.

Hindi na siya sumagot at ibinaba na lang ang cellphone. “Kuya, bababa po ako!”

“Miss, hindi pa tayo nakakalayo---“

Malutong na napamura siya, “love life ko ang nakasalalay dito, iisipin ko pa ba kung nakalayo na tayo o hindi?!” Mabuti na lang at itinigil naman agad ng driver ang bus. “Thank you!” Narinig niyang nagreklamo ang konduktor. Pagkababa niya ay iginalala agad niya ang mga mata. Nakita niyang papalapit si Clyde sa kanya.

“*It’s him,*” usal niya. Inilang hakbang na lamang nito ang pagitan nila. Nang makalapit na ito ay hinaplos niya ang pisngi nito, “totoo ka nga ba?”

“What do you think?” hinihinal ito.

Niyakap niya ito. “Gusto ko lang patunayan na hindi na ako nananaginip. Ayokong magising ulit tapos wala ka pala sa harapan ko. Bakit ka kasi umalis?”

Hindi man ito nakaharap ay alam niyang nakangiti ito.

December 31, 2013

Nasa Pagudpud sila ngayon. Doon nila napagdesisyunang i-celebrate ang paparating na bagong taon. Doon sa lugar na iyon niya nakilala si Joshua, doon din siya iniwan ng lalake. Ngunit sa lugar ding iyon niya nakilala si Clyde, si Clyde na nagpangiting muli sa kanya.

Noong umalis ito ay nagtungo ito kina Joshua. Kinuha nito ang notebook niya para raw matuto siyang tumayo at magdesisyon ng walang sinusunod na mga salita na puwede namang burahin sa papel.

“I returned Joshua’s picture. He’s already married,” sabi nito noon. Nang marinig ang mga huling kataga ay wala siyang sakit na naramdaman. Natuwa pa nga siya para sa ex-boyfriend niya.

Ibinalik sa kanya ni Clyde ang notebook niya pero inaya niya itong sunugin na iyon. Napagtanto niyang mas mabuting mabuhay ng hindi pinaplano.

“Bakit ka nga ba umalis?” tanong niya habang nakasandal sa dibdib ni Clyde. Nakaupo sila sa buhanginan at pinapanood ang paglubog ng araw.

“Magulo, eh. Pero ang alam ko lang noon, kailangan kong makausap si Joshua. Masakit para sa akin ang makitang umiiyak ka. Sa camera ko, wala ni isang larawan ng babae. Ikaw lang. Kasi naniniwala ako na dapat ang tanging mukha ng babaeng makikita roon ay ang babaeng pakamamahalin ko. But your heart was taken.

Nawala ako ng dalawang taon pero walang araw na hindi kita inisip. Remember the e-mail you received? Si Joshua ang nag-send niyon. Magkasama kami sa La Union noon. Siguro nakita niya kung gaano ako kalungkot kaya nagpadala siya ng larawan ko sa iyo at itinimbre na rin niya ako sa kaibigan mo. I'm so glad he did. Baka iyon na talaga ang cue para magpakita ako. Nang makita ko ang ngiti mo pagbaba mo ng bus, nasabi ko sa sarili ko: '*she's mine.*'" Naramdaman niyang binigyan siya nito ng munting halik sa sentido.

Ngumiti na lamang siya at ninamnam ang matamis na sandali. Yes, *it's him.*

*** The End ***